Introduction to Biblical Christian Worldview

© Conrad Jun Tolosa
Revised March 20, 2020

Part Two. Ang Tungkol sa Diyos

4) Ang kapangyarihan ng Diyos ay walang hangganan.

Ang Diyos ay Hari ng lahat ng mga hari. Walang di nasasakop ang Kanyang kapangyarihan. At ang kapangyarihang ito ay walang katapusan. Napapanatili Niya ang lahat ng bagay sa pamamagitan lamang ng Kanyang salita. Siya ay gumagawa ng kahit anong bagay na Kanyang naisin; ginagawa Niya ito kung kailan Niya gustuhin at kung para sa anumang kadahilanan na kalugod-lugod sa Kanya. Ang paghaharing ito ay tinatawag na soberenidad ng Diyos.

Minsan, nalaman ng Panginoong Jesus na ang Kanyang kaibigan na si Lazarus ay namatay na. Pinuntahan Niya ang lugar na kung saan nakahimlay ang katawan nito. Siya ay nanalangin at matapos ay isang sigaw ang pinawalan ng Panginoon, *Lazarus, halika rito*. Mula sa patay, bumangon nga si Lazarus at lumabas ng kanyang libingan. Ito ay kapangyarihan!

Nang ipako si Cristo sa krus, Siya ay namatay; Siya ay inilibing; subalit sa ikatlong araw, Siya ay bumangon mula sa mga patay. Kaya naman nang pumunta ang Kanyang mga kaibigan sa pinaglibingan sa Kanya, napag-alaman nila na si Cristo nga ay bumangon mula sa pagkamatay. Kapangyarihan!

Ang sinasabi sa Revelation 20:14-15 ay ganito, Pagkatapos ay itinapon din sa lawa ng apoy ang Kamatayan at ang Hades. Ang lawa ng apoy ang pangalawang kamatayan. Ang sinumang hindi nakasulat ang pangalan sa aklat ng buhay ay itinapon sa lawa ng apoy. Kapangyarihan! Ang Diyos ay makapangyarihan.

Sa Matthew 10:28, ganito ang sinabi ni Jesus, Huwag ninyong katakutan ang pumapatay ng katawan ngunit hindi naman nakakapatay ng kaluluwa. Sa halip, ang katakutan ninyo ay ang Diyos na may kakayahang pumuksa ng katawan at kaluluwa sa impiyerno.

Ang kapangyarihan ng Diyos ay walang hangganan.

Pag-isipan at Sagutin:

- Paano mo kinikilala ang walang hangganang kapangyarihan ng Diyos sa iyong buhay? Magbigay ng specific na halimbawa.
- Kung ang kapangyarihan ng Diyos ay walang hangganan, paano mo maipapaliwanag ang mga hindi magandang nangyayari sa ating kapaligiran, bansa o mundo?

© Revised March 20, 2020 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.